DISTANSYA NGAYONG PANDEMYA

ni: DIVINA D. VILORIA
Administrative Assistant III

Mayo 23, 2022, ayon sa datos ng Kagawaran ng Kalusugan, sa kasalukuyan ang naging kaso ng COVID-19 sa bansa ay 3.69 milyon at 60,455 na tao ang namatay. Patuloy pa rin tayong pinahihirapan ng COVID-19 na mapanganib sa kalusugan ng mamamayang Pilipino. Ang Pamahalaan ay gumagawa ng malawakang pagtugon sa pangangailangang pangkalusugan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagbabawal sa paglabas at magpasok sa lugar na may maraming apektado ng sakit dulot ng COVID-19, pagbibigay ng testing kit, at pagbibigay ng tulong sa pagkain.

Ang mga mamamayan naman ay karapat-dapat lamang na makiisa sa panawagan ng pamahalaan na sumunod sa mga health and safety protocol para maiwasan ang paglaganap ng sakit at magpabakuna para sa pansariling kapanatagan. Sa kasalukuyan sa ating bansa ay may 68.9 porsyento ang nabakunahan ayon sa datos ng DOH kaya patuloy tayong magmalasakitan sa isat-isa lalo na ngayong panahon ng kagipitan. Naging mahirap ang sitwasyon sa mga nakalipas na taon, buwan at araw, kaya hindi natin dapat kalimutang tayo ay makiisa, at nasa laylayan ng lipunan ang mas mahina ang higit na makararanas ng krisis na ito at sila ang dapat maging sentro ng pansin sa panahon na ito ng pandemya. Ayon kay Keith sa artikulong “Reaksyon Sa Pandemya” na kanyang isinulat noong Oktubre 12, taong 2020, nagsasaad na napakahalaga ng pagkakaisa sa panahong ito ng pandemya dahil sa pamamagitan nito ay mapapatibay tayo sa paglaban at mapagtagumpayan ang krisis na ating kinakaharap.

Ang panawagan ng mga mamamayan sa pambansa at lokal na pamahalaan ay paigtingin ang sistema para sa pampublikong kalusugan, paglalaan ng pondo, at pag-isipang mabuti ang estratehiyang isasagawa para malabanan ang pandemya.

Ang pagpapakita ng ganap at malinaw na plano o umiiral na pamantayan sa pagtugon para sa pandemya ay obligasyon ng pamahalaan sa mga mamamayang Pilipino. Ang hindi maayos na pangangasiwa sa pamantayan ng “quarantine” ay makakaapekto sa mga mamamayan. Inaasahan ng mga pilipino ang tapat na

pagmamalasakit sa pagtugon ng pamahalaan upang ag kinakailangang suporta at serbisyo ay maibigay ng tama.

Ang kaligtasan ng mga mamamayan laban sa sakit ay hindi lamang nakasalalay sa iilan. Kailangang magbigay ng agarang aksyon ang pamahalaan para masiguro ang malusog at ligtas na mamamayan. Ayon din kay Keith sa kanyang artikulo na “Reaksyon sa Pandemya” noong Oktubre 2020 ay tunay na nakakatakot ang pandemyang ito dahil buhay ang maaaring mawala ngunit higit na nakakatakot isipin na ang mga namumuno ng pamahalaan ay walang tiyak na plano na sasagot sa suliranin ng mamamayan.

Ating ipanalangin ang ating mga manggagamot at mga nars para matugunan ang kanilang hiling para sa patuloy na pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan at kalusugan na kailangan din nila at ng kanilang pamilya, sana ay mabigyan din sila ng sapat na kagamitan at mapagkukuhanan ng pondo na kailangan nila, katulad halimbawa ng mga “personal protective equipment (PPE)”, “disinfectants”, at pagkain, upang maisagawa ang mga medikal na aktibidad na inaasahang maisasagawa nila.

Ipanalangin natin na maibigay ang tiyak at mabilis na pagpapaabot ng mga patakaran at tulong pinansiyal sa mga manggagawa, transportasyon, at mga trabahador na direktang apektado ng pandemya. Agarang pagpapaabot ng tulong na pagkain at gamot sa kumunidad na mahihirap at hindi makapaghanapnuhay dahil sa banta ng kalusugan. Sana ay hindi maabuso ang kapangyarihan sa panahong ito. maging mababang loob at magkaroon ng tamang pag-uugali ng mga opisyal ng pamahalaan, na hindi nila unahin ang kanilang sariling kapakanan at sa halip ay mabigyan nila ng prayoridad ang ikabubuti ng lahat. Sana ay maging malikhain, malakas ang loob, at patuloy na paggawa ng mga pinuno ng ating pamahalaan sa pagresolba sa suliraning ito ng bansa.

Para sa ating kapulisan at militar, ating ipanalangin ang kanilang kalusugan at kaligtasan sa patuloy na paglilingkod sa mga mamamayan. Wastong implementasyon ng batas sa kabila ng banta ng sakit, na ang kaligtasan ng mga mamamayang Pilipino ang unang alalahanin sa panahong ito ng pandemya.

Para sa mga lider at may-ari ng negosyo, ipanalangin natin ang kanilang malasakit para sa mga pamamaraan upang maiwasan ang banta sa kalusugan ng kanilang mga manggagawa. Mabigyan ang mga manggagawa at kanilang pamilya ng tulong pinansiyal sa panahong ito at mangibabaw ang kalinga sa kanilang mga puso.

Hindi pangkaraniwan ang pagsubok na hinaharap ngayon ng mundo at hindi ito malulunasan ng tradisyonal na pamamaraan at patuloy itong magiging pasanin sa mga manggagawa kahit matapos na ang krisis. Ipanalangin natin na magkaroon ang mga mangagagawa ng lakas ng loob upang magpatuloy na harapin ang mga pagsubok na ito.

Para sa mamamayang Pilipino, patuloy nating ipanalangin ang kanilang kalusugan. Ang social distancing na ating isinasagawa ay hindi dapat ibig sabihin ng paglayo sa mga nangangailangan. Hindi dapat umasa na lamang sa mga kabutihang-loob ng mga may kaya sa buhay at sa pamahalaan para matugunan ang pangangailangan ng mga tao. Ipanalangin natin ang suporta para sa pagsisikap ng mga mamamayan upang makapagbigay ng kinakailangang tulong para sa pangangalagang pangkalusugan, na maaaring hindi agarang maibigay ng pamahalaan.

Ang pagsasama-sama ng mga mamamayan sa pagbabantay sa pagtiyak na hindi maisasantabi ang mga nagigipit sa buhay at mga taong mahina habang dumaranas ang ating bansa ng krisis. Ipanalangin natin ang solusyon sa COVID-19 ay para maprotektahan ang ating mga sarili. Mainam na makibahagi ang bawat isa sa pagharap sa pandemyang ito. Sa panahon na malampasan natin ang pandemyang ito, nawa'y maalala ang mga binawing buhay para sa mga bagay na dapat baguhin, maibigay ang suportang kailangan sa pagpapaunlad ng ating buhay, magandang pampublikong kalusugan, pagkain, at sistema ng transportasyon.

Ayon sa sinulat ng simbahang bayan noong Marso 17, 2020 ay dapat na umasa ang sambayanan sa kinabukasang wala ng maghihina at ito ay ating malampasan at mapagtagumpayan ang krisis na sama-sama. Pagkatapos ng distansya sa isa't-isa ay bubuo tayo ng kinabukasang matatag at sama-sama sa ating mahal na bansa.. ang bansang Pilipinas.

Ref:
Reaksyon Sa Pandemya – Ang Pandemyang COVID-19 (Reaksyon) (newsfeed.ph)
Ating Panalangin sa Panahon ng COVID-19 (slb.ph)